# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 45
# Ang pagpapatuloy mg sulat ni Jesus sa simbahan ng Epeso

"1 Sa anghel ng iglesia sa Efeso ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may hawak ng pitong bituin sa kaniyang kanang kamay, na yaong lumalakad sa gitna ng pitong kandelerong ginto: 2 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagpapagal at pagtitiis, at hindi mo matiis ang masasamang tao, at sinubok mo ang mga nagpapanggap na apostol, at sila'y hindi gayon, at nasumpungan mo silang pawang bulaan; 3 At may pagtitiis ka at nagbata ka dahil sa aking pangalan, at hindi ka napagod. 4 Nguni't mayroon akong laban sa iyo, na iyong iniwan ang iyong unang pagibig. 5 Kaya't alalahanin mo kung saan ka nahulog, at magsisi ka at gawin mo ang iyong mga unang gawa; o kung hindi ay paririyan ako sa iyo, at aalisin ko ang iyong kandelero sa kaniyang kinalalagyan, maliban na magsisi ka. 6 Nguni't ito'y nasa iyo, na iyong kinapopootan ang mga gawa ng mga Nicolaita, na kinapopootan ko naman. 7Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay, ay siya kong pakakanin ng punong kahoy ng buhay, na nasa Paraiso ng Dios." (Pahayag 2: 1-7)

Si Pablo sa Epeso ay inusig nang kanyang pangangaral ay nakaapekto sa ilang mga negosyo sa mga gumagawa ng templo upang tanggihan dahil sa pagbabagong loob ng mga tao sa lungsod na iyon na bumibili ng kapakal ng negosyong iyon bilang isang kahulugan para sumamba sa diyos na iyon. Nang sila'y pumumta kay Cristo sila'y tumigil sa pagbili ng dios diosang iyon. Ang salapi ang unang sinasamba ng mga tao pagkatapos ng Diyos, at kapag ating ipinangaral iyon ang idolo ng salapi ay matatamaan. Kinamuhian ng mga Fariseo si Jesus sapagkat sila'y natatakot sa Kanya, na ang lahat ng mga tao ay sumusunod sa Kanya at sa huli sila'y maitatapon sa labas ng templo ng Diyos. Kapag ating ipinangaral yaon ang idolo ng salapi ay matatamaan; ang pandaraya ay matatamaan, at ang kasakiman ay matatamaan. Ang idolong ito ng salapi ay matatamaan sa pagdidirekta sa atensyon upang ibigay ang nararapat sa Diyos, upang magikapo, upang iwasang magsayang, at huwag ilaan sa mga diosdiosan at mga programa at mga proyekto na labag sa kalooban ng Diyos. Sa lahat ng mga aspetong ito ang idolo ng salapi ay matatamaan.

Tayo ay magpatuloy na basahin dito ang mga detalye kung paanong lumaganap ang Salita ng Diyos na nakaengganyo sa paguusig laban sa simbahan ng Epeso: "21 Pagkatapos nga ng mga bagay na ito, ay ipinasiya ni Pablo sa espiritu, nang matahak na niya ang Macedonia at ang Acaya, na pumaroon sa Jerusalem, na sinasabi, Pagkapanggaling ko roon, ay kinakailangang makita ko naman ang Roma. 22 At nang maisugo na niya sa Macedonia ang dalawa sa nagsisipaglingkod sa kaniya, na si Timoteo at si Erasto, siya rin ay natirang ilang panahon sa Asia.23 At halos nang panahong yao'y may nangyaring hindi mumunting kaguluhan tungkol sa Daan. 24 Sapagka't may isang taong nagngangalang Demetrio, pandaypilak, na gumagawa ng maliliit na dambanang pilak ni Diana, ay nagbibigay ng hindi kakaunting hanap-buhay sa mga panday; 25 Na sila'y kaniyang tinipon pati ng mga manggagawa ng mga gayong gawa, at sinabi, Mga Ginoo, talastas ninyo na nagsisiyaman tayo sa hanap-buhay na ito. 26 At inyong nakikita at naririnig, na hindi lamang sa Efeso, kundi halos sa buong Asia, ay nakaakit ang Pablong ito at naghiwalay ng maraming mga tao, na sinasabing hindi raw mga dios, ang mga ginagawa ng mga kamay: 27 At hindi lamang may panganib na mawalang kapurihan ang hanapbuhay nating ito; kundi naman ang templo ng dakilang diosa Diana ay mawawalan ng halaga, at hanggang sa malugso ang kadakilaan niya na sinasamba ng buong Asia at ng sanglibutan.28 At nang marinig nila ito'y nangapuno sila ng galit, at nangagsigawan, na nagsipagsabi, Dakila ang Diana ng mga taga Efeso. 29 At napuno ng kaguluhan ang bayan: at pinagkaisahan nilang lusubin ang dulaan, na sinunggaban si Gayo at si Aristarco, mga lalaking taga Macedonia, na kasama ni Pablo sa paglalakbay. 30 At nang inakala ni Pablo na pasukin ang mga tao, ay hindi siya tinulutan ng mga alagad. 31 At ang ilan din naman sa mga puno sa Asia, palibhasa'y kaniyang mga kaibigan, ay nangagpasugo sa kaniya at siya'y pinakiusapang huwag siyang pumaroon sa dulaan. 32 At ang iba nga'y sumisigaw ng isang bagay, at ang iba'y iba naman: sapagka't ang pulong ay nasa kaguluhan; at hindi maalaman ng karamihan kung bakit sila'y nangagkatipon. 33 At kanilang inilabas si Alejandro sa karamihan, na siya'y itinutulak ng mga Judio sa dakong harap. At inihudyat ang kamay ni Alejandro, at ibig sanang magsanggalang sa harapan ng bayan. 34 Datapuwa't nang matalastas nilang siya'y Judio, ay nangagkaisang lahat na mangagsigawan sa loob halos ng dalawang oras, Dakila ang Diana ng mga Efeso. 35 At nang mapatahimik na ng kalihim-bayan ang karamihan, ay kaniyang sinabi, Kayong mga lalaking taga Efeso, sino sa mga tao ang hindi nakakaalam na ang bayan ng mga Efeso ay tagapagingat ng templo ng dakilang Diana, at ng larawang nahulog mula kay Jupiter? 36 Yamang hindi nga maikakaila ang mga bagay na ito, ay dapat kayong magsitahimik, at huwag magsigawa ng anomang bagay sa madalian. 37 Sapagka't dinala ninyo rito ang mga taong ito, na hindi mga mangloloob sa templo, ni mga mamumusong man sa ating diosa. 38 Kung si Demetrio nga, at ang mga panday na kasama niya, ay mayroong anomang sakdal laban sa kanino man, ay bukas ang mga hukuman, at may mga proconsul: bayaan ninyong mangagsakdal ang isa't isa. 39 Datapuwa't kung may inuusig kayo sa ano pa mang ibang mga bagay, ay mahahatulan sa karaniwang kapulungan. 40 Sapagka't totoong nanganganib tayo na mangasakdal tungkol sa pagkakagulo sa araw na ito, palibhasa'y walang anomang kadahilanan: at tungkol dito ay hindi tayo makapagbibigay sulit tungkol sa pagkakatipong ito. 41 At nang siya'y makapagsalitang gayon, ay pinaalis niya ang kapulungan." (Mga Gawa 19:21-41) Ang pangyayaring iyon nang ito'y nangyari, nagdesisyon si Pablo na lisanin ang Epeso, "1 At pagkatapos na mapatigil ang kaguluhan, nang maipatawag na ni Pablo ang mga alagad at sila'y mapangaralan, ay nagpaalam sa kanila, at umalis upang pumaroon sa Macedonia." (Mga Gawa 20;1) Siya'y umalis ngunit ang simbahan ay nagpatuloy na gumana. Nang ang idolo iyon ng salapi ay natamaan, at nakaapekto sa kita ng ilang mga tao yaon ay nagpalaki ng paguusig laban kay Pablo at laban sa simbahan ng Epeso.

Kahit sa ngayon kung saan ang itinanim ng Diyos ang Kanyang simbahan sa lupa ang idolo ng kasakiman at ang pagibig sa salapi ay laganap, at kapag tayo'y hinamon upang pumili sa pagitan ng Diyos at ng salapi, kailangan nating piliin ang Diyos.

Si Pablo ay bumalik muli at nakipagkita sa mga matatanda ng simbahan, "At mula sa Mileto ay nagpasugo siya sa Efeso, at ipinatawag ang mga matanda sa iglesia." (Mga Gawa 20:17), at dito sa pagpupulong na iyon siya ay nagbabala sa kanila tungkol sa paguusig na kanilang haharapin at darating, " 28 Ingatan ninyo ang inyong sarili, at ang buong kawan, na sa kanila'y ginawa kayo ng Espiritu Santo na mga obispo, upang pakanin ninyo ang iglesia ng Panginoon na binili niya ng kaniyang sariling dugo. 29 Aking talastas na pagalis ko

ay magsisipasok sa inyo ang mga ganid na lobo, na hindi mangagpapatawad sa kawan; 30 At magsisilitaw sa mga kasamahan din ninyo ang mga taong mangagsasalita ng mga bagay na masasama, upang mangagdala ng mga alagad sa kanilang hulihan. 31 Kaya nga kayo'y mangagpuyat, na alalahaning sa loob ng tatlong taon ay hindi ako naglikat sa gabi at araw ng paalaala sa bawa't isa na may pagluha." (Mga Gawa 20:28-31) Gaya ng sinabi ni Pablo sa kanila, kung ano talaga ang pagdadaanan ng simbahan sa Epeso, ang simbahan ay paguusigin ng mga lobo at mga bulaang mga guro na dumating mula sa labas at ipinasok ang mga kawan, ganon din ang mga nagbangon mula sa kanila, nagsasalita ng mga masasamang bagay, at nagdulot na hilahin at ilayo ang mga disiplo kasama nila. Yaon ay nagdulot sa simbahan na maghirap ng matagal at paulit ulit na pakikipagtunggali laban sa mga bulaaang mga guro na nagpatuloy na hilahin ang mga disipolo kasama nila sa pagsasalita ng masasamang mga bagay, at iyon ang mga bagay na nakakasakit sa puso at mga bagay na nakapahihina ng loob at ang simbahang iyon ay kilala sa paghihirap na iyon, gaya ng ating mababasa, "2 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagpapagal at pagtitiis, at hindi mo matiis ang masasamang tao, at sinubok mo ang mga nagpapanggap na apostol, at sila'y hindi gayon, at nasumpungan mo silang pawang bulaan;" (Pahayag 2:2) Inaangkin nila na sila;y mga apostol at ipinadala ng Diyos, sila'y nagpapanggap na sila'y mga tagasunod ng Banal na Espiritu ng Diyos, ngunit sa huli' y pinatunayan nila na sila'y mga sinungaling, ganid na mga lobo, sila'y hindi sa paggawa ng kalooban ng Diyos kundi mula sa kanilang pansariling ambisyon; sila'y nakilahok sa simbahan na may mali at masamang hangarin. Ang simbahan ay nagdusa ng lubos at nanindigan upang batahin ang kanilang mga kagat at ang pinsala na idinulot upang wasakin ang simahan. Mas mapanganib na doon sa mga lumaki na nasa loob dahil nalalaman nila ang simbahan at kilala nila ang mga kasapi at sila'y mas makakapinsala kaysa sa mga darating galing sa labas.

"At may pagtitiis ka at nagbata ka dahil sa aking pangalan, at hindi ka napagod." (Pahayag 2:3) Ang simbahan ay patuloy na nagtiis sa mga taon upang magtiis at magpakagal para sa pangalan ni Cristo. Ang pagpapagal ay nakakapagod na trabaho, at ito ang ipinapatotoo at ikinokommento ni Jesus sa simbahang ito ng mabuting gawa na kanilang dinala at hindi nanghina. Patuloy nilang iningatan ang ningas ng lampara, upang patuloy na bigyan ng ningas, yaon ay ang Salita ng Diyos, sa mga nawawalang mga kaluluwa, at sa buong sangbahayan, sa mga kapatiran ng simbahan, itinutuwid ito sa paraan na itinalaga ng Diyos, sa mga detalye upang pakainin ang kawan at idisipolo ang mga kasapi. Nais ng Diyos sa atin ang parehong paraan upang patuloy na gawin ang gawain ng Diyos ng may pagibig, ng may pagtitiyaga, at ng may kasakdalan kagaya ng ginawa ni Pablo sa mga taga Epesos. "Nguni't mayroon akong laban sa iyo, na iyong iniwan ang iyong unang pagibig."(Pahayag 2:4) Ang simbahan ng Epeso ay may mqbuting aral upang manindigan at ipaliwanag ang katuruan na kanilang natanggap mula sa Panginoon sa pamamagitan ni Apostol Pablo. Ngunit ang paulit ulit at agresibong paglusob ng mga lobo ay nagsanhi hindi lamang ng pinsala kundi panghihina nag loob at pagkatakot sa kanilang mga paguugali patungo sa Panginoon, tungo sa mga kapatiran, tungo sa gawain ng Diyos at ministerio. Iyon ang ibig sabihin ni Jesus sa "Na iyong naiwan ang iyong unang pagibig."

"Na iyong naiwan ang iyong unang pagibig." ibig sabihin ang iyong pagibig ay mas mababa i kaysa sa pagibig na mayroon ka bago ng 20 o 25 o 15 na mga taon..... Salamat sa Diyos na hindi Niya sinabi na nawala mo ang iyong unang pagibig, kundi iniwan mo ang iyong unang pagibig, ibig sabihin na maari mo pa at kailangan mo lang balikan ito at kunin ito; mayron ka pa rin nito at hindi mo ito naiwala. Ibig sabihin magagawa mo pa rin ang dati gaya noon kung gusto mo. Ito'y magaganap, ang unang pagibig ay nawala dahil sa paglaki ng kasamaan at ang pagsuway na naganap sa paligid nila mula sa mga sinungaling na tinawag ang kanilang mga sarili na mga apostol ngunit sila'y mga sinungaling. Pagmasdan: Ang ibig sabihin ng apostol ay ang ipinadala ng Diyos.

Ngayon nakikita ko ang mga sinungaling ng napakalinaw nang sila'y umalis sa simbahan at kung paano nila ipinagdiwang ang makamundong pagdiriwang at sila'y nagpatuloy at ginawa ang ipinagbabawal na gawin at kung paanong sila'y bumalik sa dati nilang buhay ng kasamaan at sa pagibig sa salapi at ng materyal na mga bagay. Ang kasamaang iyon at pangaakit ng mga sinungaling ang nagsanhi ng pag ibig ng mga kapatiran sa simbahan ng Epeso, upang manlamig, "At dahil sa pagsagana ng katampalasanan, ang pagibig ng marami ay lalamig." (Mateo 24:12) Iniibig nila ang sanglibutan kaya kung bakit iniwan nila ang simbahan at ministerio gaya ng ginawa ni Demas, "Sapagka't dahil dito ay nagsisipagpagal kami at nagsisipagsikap, sapagka't may pagasa kami sa Dios na buhay, na siyang Tagapagligtas sa lahat ng mga tao, lalong lalo na sa mga nagsisisampalataya." (1 Timoteo 4:10) Ang ganyang mga tao kagaya ni Demas nang sila'y umalis sa simbahan sila'y nagdala ng pangaakit sa iba na gustong sumunod sa Diyos.

Kung kailangan kong isalarawan ang ating simbahan ngayon, ang Simbahan ng Diyos United Arab of Emirates, tayo ay katuald ng Epeso, tayo'y nagpakapagal, tayo'y nagtrabaho, tayo'y hindi nanghina,tayo'y lumaban ng mabuting laban, tayo'y naglakbay, tayo'y nangaral, tayo"y nagbautismo, tayo'y nagtanim, tayo"y nagtanim ng mga pagaaral ng Bibliya at mga kapisanan, ginawa natin ang isang kompletong gawain, tayo"y namighati sa mga bulaang mga apostol na dumating sa simbahan ng may masamang hangarin, naghahanap para sa ikabubuhay, at mga kasapi na bumangon at hinila ang iba kasama nila at nagdulot sa marami ng pagkakahati hati. Mayroon tayong mga kasapi na ang kanilang mga puso ay dahil lamang sa pangongolekta para mabuhay at hindi upang maglingkod kay Cristo. Samakatuwid kapag tayo"y nagpahayag, ang idolo ng salapi ay tatamaan gaya ng nangyari kay Pablo sa Epeso at siya"y pinagusig. Ang idolong ito ay matatamaan kapag ating sinaway ang mga kasapi at hingin sa kanila upang ituwid ang kanilang pananalapi para maglingkod sa Diyos at huwag ilaan sa mga bagay na hndi sa Diyos at hind sa kalooban ng Diyos.

Tayo bilang simbahan ay nagdaan sa pareho at tayo'y namighati ng paulit-ulit sa paglipas ng panahon at nagdulot ng pighati, pagkadismaya, at nabawasan ang pagibig sa Diyos dahil sa sakit na natamo natin at nagsanhi sa atin upang maging mas nabawasan sa pananalangin, mas nabawasan sa pagbabasa ng Bibliya, mas nabawasan ang pagibig sa mga kapatiran, at nabawasan ang pag ibig sa gawain ng Diyos at nabawasan ang pageebanghelyo.

Ang mga eskriba at Fariseo sa simbahan ng Epeso ay tumangging manalangin, tumangging magtiyaga, tumangging magebangelyo dahil pinagiisipan nila ang kanilang mga naunang sugat at naenganyo ng kamunduhan ng mga sinungaling iyon, at mga bulaang mga apostol na umalis sa simbahan at ngayo'y nagpapkasasa sa makamundong buhay, ngunit sa malao't madali ang paghatol ay makakarating sa kanila. Kailangan natin makaalis mula sa kawalan ng pag asa at sa bitag na inilagay ng diablo upang hadlangan tayo sa paglilingkod sa Diyos.

“Kaya't alalahanin mo kung saan ka nahulog, at magsisi ka at gawin mo ang iyong mga unang gawa; o kung hindi ay paririyan ako sa iyo, at aalisin ko ang iyong kandelero sa kaniyang kinalalagyan, maliban na magsisi ka.” (Pahayag 2:5) Narito ang mensahe ni Cristo sa simbahan na tumingin sa kanilang daraanan at bakas ng kanilang pagkasira sa mga panahon, at kung paano nila binigo ang Diyos, na magawa nilang mapagtanto na kailangan nilang magsisi, sa paggawa ng Gawain na una nilang ginagawa. Tingnan natin ang ating mabuting tagumpay sa nakaraan at kung ano tayo ngayon at sumulong at gawin kung anong ginagawa natin dati.

“O kung hindi ay paririyan ako sa iyo, at aalisin ko ang iyong kandelero sa kaniyang kinalalagyan, maliban na magsisi ka.” (Pahayag 2:5) Dito si Jesus ay nagbigay ng pormal na babala laban sa simbahang iyon, na kung sila’y hindi babalik sa kanilang naunang estado at gawin ang gawain ng Diyos sa pagibig gaya ng dati, kanilang tatamuhin ang kahihinatnan ng kanilang pagsuway. Paano aalisin ng Diyos ang kaldero, o ang simbahan? Sa pag papahintulot ng matinding paguusig at hindi hahayaan ang simbahan na manindigan sapagkat sila’y walang kagustuhan.

"6 Nguni't ito'y nasa iyo, na iyong kinapopootan ang mga gawa ng mga Nicolaita, na kinapopootan ko naman.” (Pahayag 2:6) Narito si Jesus pagkatapos ng pagsaway Niya, pumunta Siya sa kanila upang hikayatin sila upang sila’y tumayong muli at bumalik sa kanilang unang pagibig. Si Jesus ay masaya sa kanilang paninindigan upang kamuhian nag kasalanan at kamuhian ang mga gawa ng mga nanatili at ipinagpapatuloy ang kasalanan at immoralidad sa katawan ni Cristo. Ano ang mga gawa ng mga Nicolaita, at sino ang mga Nicolaita? Aang mga Nicolaita ay gumawa ng pakikiapid, pangangalunya, at lahat ng walang kalinisan, at magkapareho ang kanilang mga asawa at kumain din ng mga pagkaing inihandog sa mga dios diosan. Sila ay tinatawag, gaya ng iniisip ng ilan mula kay Nicolas ng Antioch, isa sa pitong mga dekon sa Mga Gawa 6:5 " At minagaling ng buong karamihan ang pananalitang ito: at kanilang inihalal si Esteban, taong puspos ng pananampalataya at ng Espiritu Santo, at si Felipe, at si Procoro, at si Nicanor, at si Timon, at si Parmenas, at si Nicolas na taga Antioquia na naging Judio." (Mga Gawa 6:5) Kahit kay Nicolas mismo, ito ay sinabi na siya ay naninirahan sa kanyang sariling asawa, at walang iba , at ang kanyang mga anak na babae na iyon ay nagpatuloy na mga birhen sa lahat ng kanilang mga panahon, at kanyang anak na lalaki ay hindi masama; at ang maga lalaking ito, sila’ytinawag, tinatakpan lamang ang kanilang sarili sa ilalim ng kanyang pangalan, at inabusong pananalita o kilos niya, upang tangkilikin ang kanilang masasamang gawa. Pinayuhan noon ni Nicolas na pigilan ang lahat ng maka laman at labag sa batas na pagnanasa; ngunit ang mga lalaking ito'y pinayagan at namuhay ng pagpapalayaw sa kanila, at ibinigay ang kanilang sarili sa karumihan. Iyon ang masamang bagay kapag ang mga tao'y binaluktot at inabuso ang ilang mabubuting patotoo ng tapat at kilalang tao at ginamit ang kanilang pangalan para gumawa ng masamang bagay para bigyang katwiran ang masamang pamumuhay na gusto nilang isabuhay. Ang simbahan sa Epeso, ay nanindigan laban sa ganoong kasamaan. Iyon ay kalugod lugod sa Panginoon, ngunit kinakailangan nilang bumalik sa kanilang unang pagibig at gawin ang gawain ng Diyos gaya ng kanilang ginagawa dati, sa pananalangin, pagaayuno, pagbabasa ng Banal na Kasulatan, sa pageebanghelyo at pagdidisipolo.

Tayo ay narito ngayon bilang Simbahan ng Diyos, kailangan nating patuloy na manindigan laban sa lahat ng tanda ng maling katuruan , ang bulaang mga apostol, kailangan nating manindigan laban sa immoralidad, kailangan nating huwag mawalan ng pag-asa at huminto sa paggawa kung tayo ay inuusig at nakagat at inatake ng mga ganid lobo. Nais ng Diyos na tayo'y magpatuloy, dahil mas magiging dalisay ang mensahe kapag nagtitiyaga tayo sa panahong ito.

"Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay, ay siya kong pakakanin ng punong kahoy ng buhay, na nasa Paraiso ng Dios." (Pahayag 2:7) Nais ng Diyos sa Epeso na magtagumpay. At ang paraan upang gawin iyon ay sa pamamagitan ng pagsisisi, at ang pagsisisi ay naguumpisa mula sa isip kapag sila'y nagdesisyon na magpatuloy na maglingkod sa Diyos sa kabila ng lahat ng sakit at sugat na kanilang natanggap habang sila'y naglilingkod sa Panginoon. Ang Diyos sa parehong paraan, Naiis Niyang madaig natin ang ating kawalan ng pag asa at ang ating pag aatubili upang maglingkod sa Panginoon dahil sa sugat na ating natanggap dati sa pag abot sa mga tao at pagdidisipolo sa kanila para kay Cristo . Ito ay naguumpisa sa ating isip , upang gumawa ng desisyon at maging handa upang pumunta at magebanghelyo at pahabaing muli ang ating pagibig sa mga nawawalang kaluluwa.

"Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay, ay siya kong pakakanin ng punong kahoy ng buhay, na nasa Paraiso ng Dios." (Pahayag 2:7) Nais Niyang madaig natin ang ating kawalan ng pag asa at ang ating pagaatubili upang maglingkod sa Panginoon dahil sa sugat na ating natanggap dati sa pagabot sa mga tao at pagdidisipolo sa kanila para kay Cristo . Ito ay naguumpisa sa ating isip , upang gumawa ng desisyon at maging handa upang pumunta at magebanghelyo at pahabaing muli ang ating pagibig sa mga nawawalang kaluluwa. Ito ang sinasabi ng Panginoon sa atin bilang isang simbahan. Mula sa simula ang aking panalangin para sa aking sarili ay pumunta at magebanghelyo at abutin ang bagong mga tao. Maging iyong panalangin din na ikaw ay pupunta at aabutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita no JesuCristo at ng Salita ng Diyos.

"Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay, ay siya kong pakakanin ng punong kahoy ng buhay, na nasa Paraiso ng Dios." (Pahayag 2:7) Dito ang Panginoon ay may pangakong gantimpala sa mga nagtagumpay. Ipinangako Niya na silay pakakainin ng punong kahoy ng buhay, na naroroon sa gitna ng paraiso ng Diyos, at yaon ay mababasa natin iyon sa Genesis 2, "At pinatubo ng Panginoong Dios sa lupa ang lahat na punong kahoy na nakalulugod sa paningin, at mabubuting kanin; gayon din ang punong kahoy ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang punong kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama." (Genesis 2:9) Ang punong kahoy ng buhay, ay ang kaligtasan ng Diyos sa mga nanampalataya at tinanggap si Cristo bilang Panginoon sa kanilang buhay. Mababasa natin ang tungkol sa punong kahoy ng buhay sa Bagong Jerusalem na ibaba mula sa Langit mula sa Diyos, "Sa gitna ng lansangang yaon. At sa dako rito ng ilog, at sa ibayo nito, naroon ang punong kahoy ng buhay, na namumunga ng labingdalawang iba't ibang bunga, na namumunga sa bawa't buwan: at ang mga dahon ng punong kahoy ay pangpagaling sa mga bansa. " (Pahayag 22:2) Ang punong kahoy ng buhay ay ang sumusunod na mga kaloob ng Diyos sa mga nabubuhay ng kanilang buhay para sa Kanya upang maglingkod, magebanghelyo, at ginagawa ang Kanyang kalooban, gaya ng ating mababasa sa susunod na Mga Kasulatan.

1. Karunungan: " Siya ay punong kahoy ng buhay sa mga nanghahawak sa kaniya: at mapalad ang bawa't isa na nangamamalagi sa kaniya." (Kawikaan 3:18) Narito ang punong kahoy ng buhay ay ang karunungan ng Diyos. Ibibigay ng Diyos sa atin ang karunungan kung tayo'y magtatagumpay. Upang magtagumpay ay magsisi at iyon ay maguumpisa kapag tayo'y nagdesisyon sa ating isip na pumunta at gawin ang gawain ng Diyos gaya ng ginagawa natin dati.
2. Mabungang buhay at humihikayat ng mga kaluluwa:"Ang bunga ng matuwid ay punong kahoy ng buhay; at siyang pantas ay humihikayat ng mga kaluluwa." (Kawikaan 13:30) Ang punong kahoy dito at ang bunga nito ay ang bagong mga kaluluwa na nahikayat para kay Cristo. Papangunhan tayo ng Diyos sa bagong mga kaluluwa kapag tayo'y handa na gawin ang gawain ng Diyos at ang Kanyang kalooban sa pagabot ng bagong mga tao.
3. Natupad na mga ninanais: "Siyang humahamak sa kaniyang kapuwa ay walang karunungan: nguni't ang taong naguunawa ay tumatahimik." (Kawikaan 13:12) Narito ang punong kahoy ng buhay ay natupad na mga ninanais. Tutuparin ng Diyos ang ating paghahangad habang tayo'y sumusunod sa Kanya. Habang tayo'y nagagalak sa Panginoon, sa gayon ibibigay Niya paganansa natin sa ating mga puso.
4. Magaling na dila: "Ang dilang magaling ay punong kahoy ng buhay: nguni't ang kalikuan niyaon ay kasiraan ng diwa." (Kawikaan 15:4) pagsasabi sa karunungan ng Diyos ay ang punong kahoy ng buhay. Bilang tayo'y nagdesisyong sumunod sa kalooban ng Diyos, ang Panginoon ay magbibigay sa atin ng magaling na dila na maaring mangumbinsi sa iba.

Ang mga pangakong ito ng Diyos ay nagsusulong ng katotohanan upang tulungan tayo na magpatuloy sa paglilingkod sa Panginoon at sa paggawa ng kalooban ng Diyos sa pag abot ng bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo na ating Tagapagligtas at Panginoon.

Sa aking mahal at minamahal: Sinabi ni Jesus sa Kanyang Salita, "Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagpapagal at pagtitiis, at hindi mo matiis ang masasamang tao, at sinubok mo ang mga nagpapanggap na apostol, at sila'y hindi gayon, at nasumpungan mo silang pawang bulaan;" (Pahayag 2:2) Inaasahan sa atin na Jesus na magpatuloy na manindigan sa pananampalataya, pamumuhay ng banal na buhay sa Kanya, at pagpapahayag ng tamang mensahe na nais Niya sa atin para ipalaganap sa nawawalang mga kaluluwa.

Inaasahan ni Jesus mula sa atin na magpatuloy na magebanghelyo sa pag abot sa bagong mga lugar at bagong bayan ng Mabuting Balita ni JesuCristo.

Ang mga Eskriba at ang mga Fariseo ay ang mga hindi handang magdusa na mabuhay sa kabanalan at hindi handang magdusa sa pagharap sa mga bulaaang mga guro. Ngunit, nais ni Jesus sa atin na magtiyaga sa pamumuhay sa kabanalan, at pabulaanan ang bulaang mga guro at ang mga kasinungalingan na nagpapalaganap ng maling katuruan at pakikipagkompromiso at pang liligaw sa iba sa pagkukunsinti sa kanilang mga kasalanan.

Samakatuwid, habang tayo'y nagtitiyaga sa pamumuhay sa kababaang loob at sa paggawa ng may katapatan sa Kanyang gawain Siya mismo ang makkikipaglaban sa gumagawa ng masama at sa kanilang mga pwersa at gagawa Siya ng mga kababalaghan at mga himala na magpapatunay sa salita na ating ipinapahayag at itinuturo.

Ang aking panalangin: Amang Diyos ako'y lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong Salita na nagawa kong makita ng malinaw ang paraan na aking kailangan upang mabuhay at maglingkod sayo upang dalhin ang iyong Salita sa iba.

Ipagtapat sa Diyod ang iyong mga kasalanan at talikuran ang mga ito. Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong kawalan ng pagtitiyaga at walang kagustuhang magdusa sa pakikipaglaban sa bulalang mga guro sa paligid mo.

Ipagtapat ang iyong mga kasalanan sa Diyos. Panginoon patawarin ako sa mga sumusunod na mga kasalanan

Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili na sumunod sa iyong Salitang ito na aking natanggap sa mensaheng ito. Panginoon aking isinusuko ang aking buhay at ang aking kalooban ng lubos sayo. Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili na magebanghelyo at abutin ang bagong mga tao para kay Cristo.Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili na maging mabuting halimbawa sa iba na makita ka ng mga tao sa pamamagitan ng aking buhay. Panginoon bigyan ako ng kalakasan at kahinahunan na tiisin ang tindi ng paguusig. Panginoon pusposin mo ako ng Banal na Espiritu at gamitin mo ako ng lubos. Panginoon ibigay sa akin ang mga kaloob ng Banal na Espiritu upang ako'y makapunta at maglingkod sayo at magebanghelyo at abutin ang iba at ipalaganap ang iyong Salita at turuan ang mga handang sumunod sayo.

Panginoon, aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tinanggap ang iyong Salita at handang mabuhay ng kanilang buhay at maglingkod sayo sa paraan na itinalaga mo para sa amin. Panginoon protektahan kami at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon gumawa ka ng mga himala para sa kanila at hayaan nilang makamit ang mga proyekto na iyong itinalaga para sa kanila upang gawin.

Panginoon pagpalain kami at tustusan kami bilang isang simbahan. Panginoon tulungan kami, at ibigay sa amin para magpatuloy na maglingkod sayo at gawin ang iyong kalooban. Panginoon ibigay sa amin ang higit na mga kaloob ng Banal na Espiritu para magebanghelyo at abutin ang bagong bayan ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon, kami'y nananalangin na paging dapatim mo kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan.

Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com